

# HEROESVILLE ELEMENTARY SCHOOL

# STATE OF THE SCHOOL ADDRESS

# (SOSA 2020-21)

Ang taong panuruan 2020-21 ay isang panahon ng pagsubok sa buong mundo, lalong lalo na sa larangan ng edukasyon. Kung maaala – ala po ninyo dahil sa pandemyang ating kinaharap bago pa lamang matapos ang Graduation 2019-2020 ay marami na ang humihiling na huwag na muna ituloy ang pasukan noong Hunyo. Kabi-kabila ang panawagan ng Academic freeze, subalit sa kabilang banda nanindigan ang ating Department of Education Secretary Leonor M. Briones na "Education should not stop", Ligtas na Edukasyon sa gitna ng Pandemya, Sulong Edu-kalidad at "no learner should be left behind" at pagkatapos ng maraming paghahanda, consultations, trainings at capacity building sa mga Supervisors, School Heads at Teachers ay natuloy din at naumpisahan ang klase noon Oktubre 5, 2020.

Bagamat maraming beses na nag ECQ – Enhanced Community Quarantine at hindi halos nakakapunta ng pisikal sa paaralan ay napagtulong-tulongan natin kasama ng mga masisipag na guro at very supportive stakeholders ang ating mga proyektong pang pisikal ngayong taong panuruan 2020-21.

**Sa pamamagitan po ng ating MOOE – School Maintenance and Other Operating Expense ay naipagawa po natin ang mga sumusunod**:

1. Paglalagay ng tubo at pagsasaayos ng mga tagas ng linya ng tubig sa Feeding Area sa likod ng stage.

2. Pagpapakabit ng tubo upang maisaayos ang handwashing at drinking fountain na donated by Brgy. Capt. Victorino “Jojo” Gerona & Council.

3. Pagkatanggap natin ng computer package mula sa Kagawaran ng Edukasyonay agad nating pinalagyan ng mga grills sa bintana at pintuan ang Grade 1 Room para sa seguridad ng mga nasabing limampung pirasong mga gadgets.

4. Dinagdagan natin ang waiting area, sa kabilang parte ng Gate 2 ay nagpagawa din tayo ng isa pang lugar na may bubong na maari ring silungan, waiting area o pahingahan.

5.. Pagpapalagay ng lagusan ng tubig mula sa pipe ng covered court papunta sa drainage.

6.. Karagdagang handwashing facility na idinugtong sa dating hugasan ng kamay kung kaya mas marami na tayong gripo na pwedeng paghugasan.

7. Paglalagay ng gripo sa may gulayan, sa gilid at sa likod sa may SIGA School in a Garden upang hindi magiging bukas ang lahat ng linya at sa ganuong paraan ay makakatipid tayo sa kunsumo sa tubig.

8.Ngayong taon din na ito nakapagdagdag tayo ng mga gamit para sa rescue ng SDRMM katulad ng helmet, whistle , neck guide at iba pa, mga gamit COVID essentials katulad ng thermo scanner, pang foot bath, masks, gloves, PPE, face shields, alcohol at mga disinfection products para sa paglilinis ng lugar sa tuwi-tuwina.

9. Nakabili rin tayo ng laminating machine na ginagamit para sa mga gulayan signages. Ganuon din ng paper cutter at office and teachers' supplies.

Natapos din ang proyekto at naka pag ambag ang graduating class 2019-2020 at ang 4Ps officers kung kaya ngayon ay napinturahan na muli ang deped logo at school logo sa harap ng paaralan.

Ang ating gantimpala sa Gulayan sa Paaralan ay nagamit sa paglalagay ng kanal at harang upang ang mga garden soil ay hindi maaanod at tuloy tuloy ang magandang ani sa ating GPP.

**Ito naman ang ating mga initiatibo o initiatives pagdating sa Paghahatid ng Edukasyon ngayong New Normal.**

1. Ang dating purely modular approach na paghahatid ng pagtuturo sa mga bata ay hinaluan natin ng online o paggamit ng iba't ibang platform at social media applications upang mas lalo magkaroon ng interaksyon at pagkatuto ang mga bata sa new normal.

2. May isang buwan din na nagpadala ang ating Division Office ng mga volunteer teachers para sa mga mag-aaral na ang magulang ay parehong nagtatrabaho at kailangan ng paggabay, Dahil dito ay kumausap din ang mga guro ng iba pang naging interesadong magbigay ng ekstrang oras sa pagpapabasa.

3. Binigyan din natin ng online webinar ang mga magulang upang matuto silang magturo ng Beginning Reading sa kani-kanilang mga anak.

4. Nag implement din po tayo ng HVES Read it, Get set , Go na patuloy na may mga aktibidades ukol sa PAGBABASA. Sa larangan ng Matematika ay ating inilunsad ang MATH-Tuto sa HVES.

5. Naging puspusan ang mga Online Meetings, Focus Group discussions, Brainstorming at sharing lalo na sa mga SARDO-Students at risk of dropping Outs . Para sa mga may kakulangan sa dokumento ay nakipag ugnayan tayo sa mga magulang at maging sa may-ari ng mga pribadong paaralan.

6. Pinaigting natin ang mga komite katulad ng School Based Management, Performance Management Team, School Planning Team, Training & SLAC Team, HVES Read It, Monitoring Team, SARDO, NDEP, Gulayan sa Paaralan, Grievance Committee, Child Protection Policy, Women Empowerment and GAD Team, Finance Team, MATH tuto sa HVES at lahat ng mga guro ay abala sa pakikipag ugnayan sa mga mag-aaral. Hindi naging sagabal ang distancya maging ang kawalan ng gadgets upang maihatid ang edukasyon sa ating mumunting bayani at mag-aaral ng Heroesville.

7. Paggawa ng Action Plan at mga interventions upang masolusyonan ang mga kakulangan or Learning Gaps sa pag-aaral ng mga estudyante.

8. Naging mas marami ang naka alam sa ating Deped Tayo Heroesville Elementary School-162509 Facebook Page. Dito po ninyo malalaman ang ating mga anunsyo at kaganapan sa ating paaralan, Ganuon din ang ating Heresville website na mapupuntahan sa depedheroesvillees.weebly.com kung saan ang lahat ng programa at kaganapan sa paaralan ay naka post para po sa inyong karagdagang kaalaman.

Sabi nga po ng isang bantog na manunulat na si Bob Proctor "**Cooperation is always more powerful than Competition**". Tayo po ay magkaka hawak-kamay, magtutulungan , aagapay, sama -sama walang kompetisyon bagkus ay magtutulungan para sa kapakanan ng ating mga anak.

Tunay po na ating sama-samang napagtagumpayan ang Taong Panuruan 2020-2021 sa kabila ng COVID-19 Pandemic ay naging masigla po ang bawat isa - mga guro, magulang, Mag-aaral at Stakeholders. Nilabanan po natin ang mga depresyon at kalungkutan sa pamamagitan ng ating Mental Health Webinars at mga Pisikal na Gawain katulad ng Gardening, Yoga, Jogging, Psycho-social support at Zumba.Sa pakiki-isa natatamo natin ang pagkakamit ng mga mithiin **"para sa bata, para sa bayan**". Para sa mga Batang Heroesville … magpatuloy tayo sa ating pagsisikap katuwang ng ating mga magulang, guro at lahat ng may malasakit sa edukasyon.

Maraming Salamat at Mabuhay tayong lahat !!!

**GINA B. YONQUE**

Principal I